Laging napapanahon ang paglikha ng mga malikhaing akdang nagmula sa iba't ibang wika ng Pilipinas.  Sa isyung ito, mababasa ang mga dagli sa wikang Bikolnon at Waray,  mga tula sa Bikolnon, daniw, siday, binalaybay, balak at ambahan, mga orisipon, sugilanon at mga maikling kuwentong Aklanon.  May sanaysay sa Kinaray-a at Eksperimental na akda sa Marindukanon.  Kahanga-hanga na ang mga may-akda ang siya ring tagasalin sa Filipino ng kanilang mga malikhaing akda.

Makikita sa mga akda ang pag-angkin ng mga awtor sa kanilang identidad at danas sa panahong uhaw sa katotohanan at kaginhawaan ang nakararami. Narito ang mga akdang bumabagtas sa pagitan ng lungkot at ligaya, sa pagdurusa’t hustisya, at sa katiwalian at katarungan.

May hatid na hapis ang mga akdang narito ngunit mayroon din namang silay ng liwanag.  Hindi kataka-taka dahil isinilang ang mga akdang ito sa panahon pagkatapos ng pandemya, ipinagbuntis sa panahon ng sakuna at pithaya.

agos
Tomo 3, 2022

**SENTRO NG WIKANG FILIPINO**
UNIBERSIDAD NG PILIPINAS
DILIMAN, LUNGSOD QUEZON